COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-6 ng Marso, 2019
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

Boboto para sa Presidente sa Susunod na Taon? Siguraduhing Magagawa Ninyo!

Ang Pampanguluhang Primaryang Eleksyon ng California ay isang taon mula ngayon. Ngunit hindi ganun kaaga upang bigyan kayo ng paunang paalala - ang mga pampulitikang partido ay ang nagdedesisyon kung sino ang maaaring bumoto para sa kanilang mga pampanguluhang kandidato. Maaaring kailanganin ninyong palitan ang inyong status ng partido sa rehistrasyon ng botante sa Tagapagrehistro ng mga Botante upang iboto ang inyong nais sa Ika-3 Marso, 2020.

Nakarehistro na may partido

Kung kayo ay nakarehistro na may pampulitikang partido, ang inyong balota ay maglalaman ng mga pampanguluhang kandidato ng partidong iyon. Maaari ninyo lamang iboto ang mga pampanguluhang kandidato ng partidong iyon.

Walang Preperensyang Partido (Walang Partido)

Kung kayo ay nakarehistrong Walang Preperensyang Partido, kilala rin bilang walang partido, walang mga pampanguluhang kandidato ang ilalagay sa inyong balota. Noong Ika-28 ng Pebrero, halos 580,000 ng mga botante sa County ng San Diego ay nakarehistro bilang Walang Preperensyang Partido.

Ang mga botanteng Walang Preperensyang Partido na nais bumoto para sa isang pampanguluhang kandidato ay mayroong mga opsyon:

> Maaari kayong bumoto para sa isang pampanguluhang kandidato mula sa isa sa mga pampulitikang partidong pinapayagan ang mga walang partidong botante na mag-crossover sa balota ng partidong iyon. Ang mga Pampulitikang partido ay mayroong hanggang Ika-20 ng Oktubre upang pagdesisyonan ang pagpayag sa mga walang partidong botante na makibahagi sa kanilang pampanguluhang primarya.
>
> Kung kayo ay nakarehistro bilang isang Walang Preperensyang Partido, ngunit gusto ninyong bumoto para sa isang pampanguluhang kandidato ng isa sa mga partidong hindi pinapayagan ang mga walang partidong botante na mag-cross over, dapat kayong **muling-magparehistro** sa partidong iyon. Halimbawa, noong pampanguluhang primarya ng 2016, ang mga partidong Green, Peace and Freedom, at Republican ay pinayagan lamang ang mga nakarehistrong botante na bumoto para sa mga pampanguluhang kandidato sa kanilang primarya.

Hindi sigurado kung paano kayo nakarehistro o kung kayo ay nakarehistro para bumoto pa rin? I-tsek ang inyong kasalukuyang status ng rehistrasyon o magparehistro. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800

###

COUNTYNEWSCENTER